REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-96

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY SUPORTA SA PAGPAPALAWIG MULI NG ANIM (6) NA BUWAN SA TUNGKULIN SI G. EDUARDO A. ALON BILANG PAMBAYANG INGAT-YAMAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kon. Roger C. Smith

*************************************************************

SAPAGKAT, ang mga kawani na nagsilbi ng buong katapatan at kinakitaan ng dedikasyon sa tungkulin sa pamamalagi sa pamahalaan ay nararapat lamang na bigyang pabuya;

SAPAGKAT, si Ginoong Eduardo A. Alon sa apatnapu't dalawang (42) taong serbisyo ay nagpamalas ng kasipagan at walang humpay na pagpupunyagi upang ang kagalingang pinansyal ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay maisaayos;

SAPAGKAT, bagama't alinsunod sa itinatakda ng batas siya ay kinakailangan nang magretiro, ang kanyang serbisyo bilang Ingat-Yaman ay lubhang kailangan pa ng pamahalaang lokal;

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ang mga sumusunod:

SEKSIYON 1. Ang paghiling sa pamamagitan ng Punongbayan sa mga nararapat na ahensya ng pamahalaang nasyonal na mapalawig pa ng anim (6) na buwan ang pananatili sa tungkulin ni G. Eduardo A. alon.

SEKSIYON 2. Ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahan na ito sa Komisyon ng Serbisyo Sibil (Civil Service Commission) at Departamento ng Pananalapi (Department of Finance) para sa kanilang kaukulang aksiyon at rekomendasyon.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-56th regular na pulong na ginanap ngayong ika-20 ng Setyembre, 1993.

PINATOTOHANAN:

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal
Pansamantalang Tagapangulo

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Panglo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan